# كيف ينظر المسلمون لفيروس كورونا ؟


- رسالة للمسلم وغير المسلم -

( باللغة الفلبينية )

## Ano ang Pananaw ng mga Muslim hinggil sa

# CORONA VIRUS

## -Liham Para sa mga Muslim at Hindi Muslim-




Isinulat ni / Shiekh :

Adel bin Abdul-Aziz Al-Mahallawie

19/7/1441 Hijri

للتواصل 00966504392260

## Ano ang pananaw ng mga Muslim hinggil sa CORONA VIRUS?-Liham para sa mga Muslim at Hindi Muslim-

Ang lahat ng Papuri at Pasasalamat ay sa Allah lamang, Ang Tunay na Diyos na karapat-dapat sambahin, At Naway ang kapayapaan at pagpapala ay mapasakanyang huling Propeta SAW..Tunay na dumatal sa mga Muslim ang anumang panganib na dumatal sa mga hindi Muslim hinggil sa bagong virus na Tinatawag na Corona Virus o COVID-19.Subalit ang paniniwala o pananaw ng mga Muslim hinggil dito ay naiiba sa mga pananaw at panini-wala ng mga hindi Muslim, at mayroon silang siriling pananaw at pakikisalamuha na naiiba sa mga hindi Muslim hinggil  dito.. At kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:



1-Ang malalim na paniniwala ng mga Muslim hinggil sa Tadahana at Kapalaran, At ang lahat ng kagustuhan ng Allah ay mangyayari at ang mga hindi gugustuhin ni Allah ay hindi rin mangyayari, Sinabi ni Allah sa Banal na Qur-an: { Walang masamang pangyayari ang magaganap dito sa kalupaan at sa inyong sarili(kaluluwa), maliban na ito ay naitala sa Aklat ng Tadhana, bago pa namin pinapang-yari ang magaganap, Katotohanang ito ay lubhang magaan kay Allah}. [57:22].Ang mga Muslim ay nagtata-glay ng matibay na paniniwala ukol dito,at ang lahat ng mga bagay na napapaloob sa Mundong ito ay itinadhana ni Allah bago Niya likhain ang Mundo at ang sangkatau-han, At ang paniniwalang ito ang siyang nagiging daan upang ang mga Muslim ay maging mapanatag at natatanggap nila ang pangyayaring ito na maluwag sa kanilang kalooban. Salungat ito sa iba na hindi nanini-wala sa dalisay na paniniwalang ito kung saan ay makikita mo sa kanila ang takot, pagka-inis at pagkabalisa - sa likas na mga pangyayari na ito,-dahil sa paniniwala nitong huwad- at ito ang malaking pagkakaiba ng Muslim sa mga hindi Muslim, Kaya naman ang resulta ng matibay na paniniwalang ito para sa mga Muslim ay ang kakulangan ng bilang ng mga nagpapakamatay,kumpara sa bilang ng mga nagpapakamatay na hindi Muslim.

**2-** Kabilang sa paniniwala ng mga Muslim ay ( Si Allah ay Nag-iisa lamang na Tagapangasiwa sa lahat ng nangyayari sa Mundo)Sinabi ni Allah sa Banal na Qur-an: { Katotohanan, ang iyong Panginoon ay si Allah, na lumikha sa mga kalangitan, at kalupaan sa anim na araw, At Siya ay puma-ibabaw sa Kanyang Arsh (Luklukan o Trono), na nagpapatupad at nagpapangyari sa lahat ng bagay, Walang sinuman ang makakapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan, Siya si Allah ang inyong Panginoon, Kaya't Siya lamang ang tanging sambahin, kung gayon, kayo ba ay walang pag-alala-Ala?} [10:3]Kaya't ang Mundong ito ay gumagalaw sa kapahintulutan ni Allah, Siya ang nangangasiwa rito, at namamahala rito sa anumang Kanyang naisin, at Nagtatadhana sa kanyang mga alipin ng anumang Kanyang magustuhan. At hindi maaari na ang Mundong ito na nagtataglay ng perpektong sistema ay hindi magkaroon ng tagapaglikha at tagapangasiwa. Pagmasdan mo kung paanong ang mga Tao ay namumuhay ng tahimik at mapayapa, at bigla nalang ito napalitan ng pagkabalisa at pagkatakot ng mga bansa, at pagbagsak ng ekonomiya. Ang nagtadhana sa lahat ng mga bagay na ito ay si Allah, at walang makakapagil sa Kanyang paghahatol, at Siya ay Nagtataglay ng Ganap na Karunungan,at ang Kanyang Karunungan [layunin] ay para sa kabutihan.

**3-** Kabilang sa paniniwala ng Muslim ( Ang lahat ng Tadhana na itinadhana ni Allah ay para sa kabutihan ng Kanyang mga alipin)Hindi mo ba nakikita ang taong may sakit kung paano siya nasasaktan? Subalit para sa paniniwala ng mga Muslim, sa kalagayang ito ay ginagantimpalaan siya ni Allah sa Kabilang buhay, at mayroon ding kabutihang naidudulot para sa kanya ang sakit na ito dito sa Mundo, Dahil ito ang pumipigil sa kanya para hindi makagawa ng anumang kasalanan sa kapwa tao, dahil sa takot sa mga parusang inihanda sa sinumang makasalanan sa mundo,at ito rin ang maghihikayat sa kanya para gumawa ng kabutihang-loob sa ibang tao at pangalagaan ang kanyang kalusugan.

**4-** Sa ilalim ng usaping ito, ay nananatili parin ang (Mulhid [Hindi naniniwala sa Diyos] na may pagkalito at kaguluhan [sa kanyang paniniwala] ). Dahil siya ay walang pinaniniwalaan maliban sa kanyang nakikita, Kaya't papaano siya naniniwala sa Virus na ito samantalang hindi naman niya ito nakikita?Ang sagot: Siya ay naniniwala dahil sa mga palatandaan nito, at siya ay nakakatiyak rito, at ibinalita ito sa kanya ng taong walang kaduda-duda sa kanyang katapatan. At kapag sinabi sa kanya: Ang Mundong ito na nagtataglay ng mga palatandaan at katiyakan [ NA mayroong Nag-iisang Diyos na Tagapaglikha] , at ang perpektong sistema nito, hindi ba ito ay nagpapatunay na mayroong Nag-iisang Diyos na Tagapaglikha at Tagapangasiwa? At kapag siya ay tumanggi, ibig sabihin ay nagkasalungat ang kanyang opinion, sa pagitan ng hindi niya paniniwala sa Diyos dahil hindi nakikita, at ang paniniwala niya sa Virus na hindi naman niya nakikita,(At ang Pagkasalungat ng pananalita ay palatandaan sa kasiraan nito).

5- Kabilang sa mga inobliga sa atin ng Allah ay [ Pagsasagawa ng Wudhu at Limang beses na Pagdarasal sa Araw at Gabi], kung saan ito ang unang proseso upang labanan ang sakit na ito, at maging proteksiyun laban rito, ito ay kabilang sa kabutihan ng batas ng Islam, at ang paglilinis/paghuhugas at pagdarasal ay nagdadala ng kabutihan sa Mundo, sa pamamagitan nito, ay mararamdaman ang kasiyahan at kapanatagan ng kalooban, na siyang dahilan upang maging mapanatag ang tao sa Mundo.

6-At kabilang din sa itinuro sa atin sa Batas ng Islam, ang hindi pakikihalubilo ng taong may sakit sa mga taong may malusog na pangangatawan at walang masamang pakiramadam, at gayundin ang pag-iingat at pag-iwas ng taong walang sakit sa may sakit. Ganito itinuro sa atin ng ating Mahal na Propeta bago ang taong 1440 years, at kanyang sinabi: " Huwag makisalamuha ang taong may sakit sa taong walang sakit" Isinalaysay ni Imam MuslimAt sinabi din sa ibang Hadith: { Tumakas ka sa ketongin, tulad ng pagtakas mo sa Leon} Isinalaysay ni Imam Ahmad.

7- At kabilang sa mga itinuro sa atin ng Batas ng Islam, (Mga Kutang Shariah) na siyang magiging proteksiyun ng mga Muslim, at ito ay napatunayan sa Qur-an at Sunnah, at gayundin sa karanasan. kabilang rito ay ang sinabi ng Mahal na Propeta SAW: " Walang alipin na sinasabi sa umaga sa bawat araw at sa maghapon pagdating ng gabi ang (BISMILLAHI LLAZI LA YADURRU MAASMIHI SHAY-UN FIL ARDI WALA FIS SAMAA WA HUWAS SAMI-UL ALEEM"3XSa ngalan ni Allah, kung saan ay walang makakapinsala sa Kanyang Pangalan ng kahit na anumang bagay sa Mundo at sa Kalangitan, At tunay na Siya ay Ganap na Nakaririnig at Ganap na Nakaka-alam." ng tatlong beses, ay walang makakapinsala sa kanya.Sa iba pang Hadith na mula kay Abdullah bin Khabib kalugdan siya ni Allah-kanyang sinabi, Sinabi ng Propeta SAW: Sabihin mo, Ang sabi ko: Ano ang sasabihin ko o Mahal na Propeta :Ang sabi niya: Sabihin mo ang : QUL HUWALLAHU AHAD, at ang MUAWWAZATAYNI (SURAH AL-FALAQ AT SURAH ANNAS), sa mag hapon at umaga ng tatlong beses, at ito ay magiging sapat na para sa iyo [bilang Proteksiyon] sa lahat ng bagay.

Sa pamamagitan ng mga Pangyayaring ito [paglaganap ng COVID 19], ay nadarag-dagan ang malakas na ugnayan ng mga muslim kay Allah, Sila ay nagsusumamo sa Allah upang mawala sa kanila ang pinsalang ito, at ang tao sa kanilang likas na paniniwala, sila ay nangangailangan ng Diyos na kanilang masasandalan,at mahihingian ng tulong sa oras ng pangangailangan, (at ito ay hindi maitatanggi, liban sa taong mapagmataas sa kanyang sarili), At kung pagmamasdan naman natin ang mga Kristiyano, sila ay humihiling o nagdadasal sa mga katulad nilang Tao (Pare), na walang taglay na kahit na kaunting Katangian ng pagiging Diyos, liban sa huwad na paniniwalang gawa-gawa lamang ng kanilang mga Pastor, At kung titingnan naman natin ang mga taong sumasamba ng mga rebulto, sila ay nagdadasal sa mga bagay-bagay, mga hayop, at mga rebulto na ginawa mula sa kanilang mga kamay, at kung sakaling sila ay magbalik-tanaw at maging tapat, at hayaan nilang mangibabaw sa paghatol ang kanilang pag-iisip, masisiguro nila na ang tamang landas ay ang Islam at ang kanilang ginagawa ay pawang kamang-mangan. Kung kaya't ang Paniniwala ng mga Muslim ang siya lamang Katotohanan at tumpak, na walang pag-aalinlangan dahil sa pagiging ganap (walang kapintasan) ng pinaniniwalaan nilang Panginoon, at pagiging Dakila Niya mula Kanyang mga likha. Ya Allah, Naway patnubayan mo kami sa Katotohanan, at matuwid na landas, at panatilihin Mo kami  sa Iyong Relihiyun hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Isinulat ni:
Shiekh Adel bin Abdul-Aziz Al-Mahallawie